

Module 2: Sinaunang Pagkain at Kapaligiran ng mga Ifugao

Ni: Charmaine Ledesma

Isinalin ni: Dr. Pia Arboleda,
Filipino and Philippine Literature Program, University of Hawai'i at Mānoa

I. Mga Layunin

A. Pangkaalaman

1. Makilala ang mga halaman at hayop na naroon sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan (SNK) 1000 taong nakalipas
2. Matalakay ang sinaunang pagkain ng mga Ifugao sa pamamagitan ng mga labi ng halaman at hayop mula sa arkeolohikal na tala ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan
3. Mailarawan ang paraan ng paggamit sa kapaligiran at kalikasan ng mga Ifugao
4. Matalakay ang mga susing arkeolohikal na termino, pamamaraan at konsepto

B. Pandamdamin

1. Mapahalagahan ang pagiging mapamaraan ng mga Ifugao sa paggamit sa kalikasan at kapaligiran
2. Mabigyan ng kabuluhan ang ugnayan ng mga Ifugao sa kalikasan

C. Pangkasanayan

1. Malinang ang kritikal na pag-iisip at magamit ang kasanayan sa pagmamasid, pangangatwiran, pagsasalita at pagsusulat
2. Mapakahulugan ang paghahanay-hanay ng lupa at maunawaan ang kahalagahan ng pag-aaral sa nakaraan

II. Mga Pangunahing Tema

Mga paksang tungkol sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan na tinatalakay sa Module 2 na kaugnay sa "Pamumuhay ng mga Sinaunang Pilipino":

1. Ugnayan ng sinaunang Ifugao sa kapaligiran
2. Pamamaraan ng paggamit ng kapaligiran ng mga Ifugao

III. Pangkalahatang Pananaw (Kasaysayan at arkeolohiya ng kulturang Ifugao)

Kaligiran ng Kasaysayan ng Kalinangan ng mga Ifugao

Ipinahahayag ng nakuhay na mga labi ng hayop at halaman mula sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan ang sinaunang pagkain o **diet** ng mga Ifugao bago sa pananakop ng mga Kastila. Sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga labi ng hayop at halaman, ipinapakita ng datos na kumakain ang mga sinaunang Ifugao ng iba't ibang uri ng pagkain at malawakan ang paggamit nila ng kapaligiran at likas na yaman. Nakasalalay ang kabuhayan ng mga sinaunang Ifugao hindi lamang sa pagtanim ng palay kung hindi pati na rin sa pangangisda sa ilog, pangangaso sa gubat at pangangalaga sa mga hayop.

Ipinahahayag ng arkeolohiya sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan na karamihan sa mga labi ng hayop ay mga buto ng usa at sumunod ang buto ng baboy. Kahit karamihan ng mga buto ng baboy ay galing sa mga **alagang (domesticated)** baboy, mayroon ding mga buto ng baboy-ramo sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan (Figure 1). Nangangahulugan ito na kahit nangangalaga ang mga Ifugao ng mga hayop, nagmumula ang kanilang karne sa pangangaso

ng usa (Figure 2) at baboy-ramo. Ayon sa antropologong si Roy Barton, nangangaso ang mga Ifugao sa pagitan ng pag-aani ng palay. Gumamit sila ng mga sibat at sinasamahan ng kanilang mga aso. Sa karagdagan, pinamahalaan at hinati ng mga sinaunang Ifugao ang gubat sa inalahan/hinuob o pangkalahatan, at sa muyong o pribadong pook para sa hangarin ng konserbasyon; nasanggalang nito ang mga payyiw laban sa pagguho at napasagana nito ang mga ligaw na hayop.

Ginamit ng mga Ifugao ang mga hayop hindi lamang para sa pagkain kung hindi pati na rin sa ibang sadya. Halimbawa, pinangangalagaan ang mga baboy, manok at aso hindi para sa pang-araw-araw na pagkain kung hindi bilang pag-aalay para sa lahat ng uri ng panseremonyal na ritwal at mahahalagang kaganapan. Mayroong mga marka ng paghiwa at pagtatadtad ang mga buto na nangangahulugang ginamitan ang mga ito ng kasangkapang bakal sa pagkatay (Figure 3). Ginagamit din ang mga alagang hayop upang magpakita ng mataas na katayuan sa lipunan. Ayon sa historian ng Ifugao na si Lourdes S. Dulawan, ilan sa mga mamahaling bagay na nagpapakita ng katayuan sa buhay ng mga sinaunang Ifugao ang dami ng hayop at pagkaing inihahanda para sa mga mamamayan tuwing mahahalagang pagdiriwang, gaya ng uyauy at ng hagabi. Panghuli, ginagamit din ang mga buto ng hayop bilang alahas. Nakatuklas ang mga arkeologo ng katibayan ng pinakinis o pinakintab na butong bilog na ginagamit nila bilang pulseras at *armlet* (Figure 4).

Nakahanap din ang mga arkeologo ng labi ng mga sinaunang halaman mula sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan. Kapag nabubulok ang mga halaman, nag-iiwan din ito ng ilang elemento sa lupa. Ngunit hindi kagaya ng mga buto ng hayop, karamihan ng mga labi ng halaman ay makikita lamang sa microscope sa laboratory (Figure 5). Ang mga labi ng halaman sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan ay mga **charcoal residue** o labi ng uling mula sa basag na palayok. Matapos suriin ang uling, natuklasan ng mga arkeologo na bawat piraso ng palayok ay nagtataglay ng ibang uri ng labi ng halaman. Isa sa mga piraso ay nagtataglay ng labi ng mga starchy crop na maaaring galing sa taro o pihing (Tuwali), yam o gatuk (Tuwali), breadfruit o kolo, arrowroot o uraro. Ang ibang piraso ng palayok ay nagtataglay ng mga pinagmulan ng pagkaing nahahanap sa Timog-Silangang Asya kabilang ang Pilipinas, gaya ng millet o budbud at sugarcane o tubo. Batay sa stratigraphy (Figure 6), natagpuan ng mga arkeologo ang labi ng gabi sa mas luma o ilalim na hanay, at ang labi ng kanin ay natatagpuan sa mas bago o itaas na hanay. Nangangahulugan ito na waring nagtanim ang mga sinaunang Ifugao ng gabi bago sa palay. Ang hanay ng lupa na kaugnay ng gabi ay itinakda diumano 700-900 na taon nang nakararaan, habang ang hanay na kaugnay ng palay ay 150-310 na taon nang nakararaan.

Ginamit ng mga sinaunang Ifugao ang mga halaman sa sari-saring paraan: sa paggawa ng mga bahay-Ifugao (*bale*) (Figure 7), sa pag-uukit ng mga bagay na kahoy, at sa paghahabi. Palatandaan din ng katayuan sa lipunang Ifugao ang mga halaman. Halimbawa, palay ang pinakapipitaganang tanim sa Ifugao. Maraming ritwal ang ipinagdiriwang sa siklo ng pagtanim at pag-aani ng palay (Figure 8).

Talasalitaan

Diet – mga uri ng pagkaing kadalasang kinakain ng isang tao o pamayanan

Alaga (domesticated) – mga hayop na pinalalaki sa sakahan; mga halamang itinanim bilang pagkain

Charcoal residue – mga labi ng nasunog na halaman

Kaligirang Arkeolohikal

Arkeolohiya ang pag-aaral ng nakaraan sa pamamagitan ng mga materyal na labing naiwan ng mga gawain ng tao. Ang pag-unawa sa paghahanay-hanay ng lupa ang isa sa pinakamahalagang paraan upang bigyang-pakahulugan ang nakaraan sa paglipas ng panahon. Para sa isang arkeologo, nagbibigay ng timeline ng kasaysayan ng isang lugar ang iba't ibang hanay ng lupa, at nagsisilbing materyal na katibayan o patunay ang mga **artifact** sa pagpapakahulugan sa paghahanay-hanay ng lupa.

Ang paghahanay-hanay ng lupa o **stratigraphy** ang pagkakasunud-sunod ng mga hanay ng lupa na pinag-aaralan ng mga arkeologo sa tuwing hinuhukay nila ang site. Sa masusing pagsusuri ng pagkakasunud-sunod ng hanay ng lupa at ng mga kaugnay na artifact, naisasalaysay ng mga arkeologo ang historical timeline o kronolohiya ng isang site, naisasalarawan ang mga gawain ng tao at paggamit sa lupa sa paglipas ng panahon at bukod dito, natutukoy ang pantao at pangkalikasang pangyayari gaya ng digmaan at baha.

Nililikha ng gawain ng tao at mga organikong materyal na likas na nabubulok ang mga hanay ng lupa sa paglipas ng panahon. Isalarawan sa diwa ang isang piraso ng maraming hanay na cake, na ang pinakamababang hanay ang pinakamatanda/luma at ang pinakataas na hanay ang pinakabata/pinakabago. (Figure 9) Mas mataas na hanay ng lupa, mas bata. Ang pinakataas na hanay o **topsoil layer** ang pinakabagong hanay at ang kasalukuyang lupang inaapakan ng mga tao. Sa arkeolohiya, ang paghahanay-hanay ng lupa ay tinatawag na **Batas ng Superposisyon**. Karaniwan, natatagpuan ang mga lumang bagay o artifact sa mabababang hanay at ang mas bagong artifact sa taas. Kapag natuklasan ang mga artifact sa kailaliman ng lupa, mas matanda ang mga ito. Gayunpaman, nangangailangang bantayan ng mga arkiloyogo ang anumang palatandaan ng pagkagulo ng mga hanay na maaaring magpaligaw sa pagpapakahulugan nito. Maaaring sanhi ng kaguluhang ito ang nakabaong ugat mula sa karatig na puno, ang paglilipat ng mga artifact mula sa orihinal na lugar ng mga hayop gaya ng daga, at pati na rin ang pang-araw-araw na gawain ng tao.

Mayroong pitong hanay ang stratigraphy ng Sinaunang Nayon ng Kiiyangan. Pinakamatanda ang ikapitong hanay na nasa 1.6 na metro sa ilalim ng lupa. Kung ipagpapalagay na hindi nagulo ang ikapitong hanay, ang mga kaugnay nitong artifact ay higit na luma sa nalalbing artifact na nasa ibabaw na hanay. Higit ding matanda ang mga artifact sa 700-900 na taong gulang. Natagpuan ang mga labi ng taro sa ikalima at ikaanim na hanay 700-900 na taong nakalipas, at natagpuan ang mga labi ng palay sa ikalawang hanay 150-310 taong nakalipas. Natagpuan ang mga buto ng hayop sa lahat ng hanay ng lupa. Ipinaalam sa atin ng paghahanay-hanay ng lupa ng Sinaunang Kiiyangan na noong nanirahan ang mga sinaunang Ifugao sa SNK, nabuhay sila sa pamamagitan ng malawakang paggamit ng lupa at ng likas na yaman. Ipinaalam sa atin ng kronolohiya ng SNK na nagbago ang paggamit ng lupa mula sa tubigan ng taro patungo sa mga payyiw sa paglipas ng panahon. Ipinahihwatig ng pagkakaroon ng buto ng kapwa ligaw at alagang hayop sa lahat ng hanay na hindi nakasalalay ang kanilang kabuhayan sa mga alagang hayop lamang. Ipinakikita ng karagdagan pagsusuri ng mga labi ng hayop na mas marami ang mga buto ng ligaw na hayop kaysa sa mga alaga, na nagpapakita na kadalasang nangangaso sila para sa karne.

Talasalitaan

Arkeolohiya – Ang pag-aaral ng nakaraan sa pamamagitan ng mga materyal na labi ng gawain ng tao

Artifact – materyal o bagay na gawa ng tao; kadalasang portable o naiilipat-lipat ang mga artifact

Stratigraphy – Ang pag-aaral ng mga hanay ng lupa upang matiyak ang kaugnay na gulang ng bawat hanay


Topsoil layer – Pinakataas na hanay ng lupa, kadalasan ang modernong hanay sa stratigraphy ng arkelohiya; ang lupang kasalukuyang inaapakan ng mga tao.

Batas ng Superposisyon – Ang kaayusan ng paghahanay-hanay ng lupa ayon sa panahon, ang pagiging mas matanda ng mga ikalalimang hanay sa kaitaasang hanay

IV. Gawaing Arkeolohikal

Pag-unawa ng paghahanay-hanay ng lupa sa Arkeolohiya

(Archaeology activity adapted from University of Hawai'i at Mānoa ANTH151: Emerging Humanity course)



Paghahanay-hanay ng lupa sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan na tamang nalagyan ng laminated cutout

Mga Pangangailangan

- Chart ng paghahanay-hanay ng lupa at laminated cutout
- Mga larawan ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan
- Marker na may kulay
- Tape

Pamamaraan

Hatiin ang klase sa mga pangkat ng apat o limang mag-aaral. Bigyan ang bawat pangkat ng laminated cutout ng halaman at hayop na ididikit sa stratigraphy chart ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan. Sa talakayan, hinihikayat ang mga mag-aaral na lagyan ng larawan at sulatan ng tala ang kanilang chart. Halimbawa, habang ipinaliliwanag ang topsoil, kailangang ilarawan ng mga mag-aaral kung ano ang palagay nilang matatagpuan sa hanay na ito (sagot: kasalukuyang basura, bato, mga ugat). Pagkatapos ng talakayan, titingnan ng bawat pangkat ang kanilang chart upang masagot ang mga katanungan sa worksheet. Kailangang makipagtulungan ang mag-aaral sa isa't isa at malayang guhitan ang kanilang chart at pag-usapan ang mga sagot. Muling babalikan ng guro ang mga tanong at sagot sa buong klase.

Mga Tanong

1. Ayon sa stratigraphy ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan (SNK), alin ang pinakamatandang hanay?
2. Alin ang pinabatang hanay?
3. Sa pagsusuri ng mga buto ng hayop sa SNK, anong uri ng hayop ang kinain ng mga sinaunang Ifugao?
4. Bukod sa pagkain, ano pa ang ibang gamit o paraan ng kanilang mga napangasong hayop?
5. Ilang taong nakalipas nang nag-umpisang matagpuan ang katbayan ng palay sa SNK stratigraphy?
6. Suriin ang stratigraphy ng Sinaunang Kiyangan. Anong uri ng tanim o halaman ang kinakain ng mga sinaunang Ifugao sa pinakamatandang hanay (Ikalima at ikaanim na hanay)?
7. Ano ang pinakapitaganang tanim o halaman sa kulturang Ifugao?
8. Ano ang matatagpuan sa pinakataas na hanay ng lupa?
9. Ano sa palagay niyo ang kahulugan ng mga buto ng aso sa palayok?

Mga Sagot

1. Pinakamatanda – ikapitong hanay
2. Pinakabata – unang hanay (top soil o pinakataas na hanay)
3. Baboy-ramo, alagang baboy, usa, manot, kalabaw
4. Alahas, palamuti sa bahay, piging o kapistahan
5. 150-310 taong nakalipas
6. Gabi. Ikinabuhay nila ang gabi bago nagkaroon ng palay sa pook na iyon.
7. Palay
8. Kasalukuyang mga materyal – balot ng kendi, basag na mga plato, plastik, mga bote
9. Dahil natagpuan ang aso sa loob ng palayok, maaaring nangangahulugan ito ng ritwal ng paglilibing.

Sumangguni sa sample archaeology worksheet sa pahina 8.

V. Pamamaraan (Pagkabuo at paglalahad ng katuwiran ng module)

A. Paghahanda (Pagpapakilala ng module sa klase)

Kaligiran ng Katuwiran: Nakatuon ang Module 2 sa mga labi ng hayop at halamang nahukay sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan upang ipaliwanag ang ugnayan ng sinaunang Ifugao at ng kalikasan. Ipinapakita ng mga labi ng hayop at halam kung paan ginamit ng mga sinaunang Ifugao ang kapaligiran para sa kabuhayan (pagpapakain sa pamayanan), paraan ng paghahanda ng pagkain at agrikultura. Binibigyang diin ng module na ito ang malawakang paggamit ng Ifugao sa kapaligiran at sa mga hayop at halaman.

B. Paglinang ng aralin

Kaligiran ng kasaysayan ng kalinangang Ifugao

Ang kaligiran ng kasaysayan ng kalinangang Ifugao sa module na ito ay naglalaman ng mga labi ng halaman at hayop na matatagpuan sa Sinaunang Nayon ng Kiiyangan. Ang datos sa bahaging ito ay magagamit upang tugunan ang mga paksa sa pamumuhay ng sinaunang Pilipino at paraan ng ikabubuhay at pag-aangkop sa kapaligiran. Magagamit din ang halaman at hayop upang talakayin ang sinaunang paniniwala o relihiyon na kaugnay sa mga panseremonyang alay para sa mga ritwal at piging.

Kaligirang Arkeolohikal

Ang bahagi tungkol sa Arkeolohiya ng module na ito ay gumagamit sa paghahanay-hanay ng lupa o stratigraphy ng Sinaunang Nayon ng Kiiyangan (SNK) upang ilarawan ang kapaligiran 1000 na taong nakalipas at upang ipaliwanag ang paggamit sa lupa sa pagdaan ng panahon. Halimbawa, masasabi nating iba ang kapaligiran ng mga Ifugao 1000 na taong nakalipas noong masukal pa ang mga gubat sa rehiyong ito at higit na madaling makahuli ng mga baboy damo. Napagtibay ang paniniwalang ito mula sa pagkakakuha ng malaking bilang ng buto ng baboy damo at usa na nakuha mula sa pinakalumang hanay ng paghuhukay sa SNK. Nagbago rin sa paglipas ng panahon ang pamamahala at paggamit ng lupa ng mga Ifugao: makikita natin ang labi ng gabi (at walang bigas) sa pinakamababang hanay, at lumitaw ang bigas sa hanay ng nakalipas na 300 taon. Mula sa pagkakasunud-sunod na ito, maaaring pagtibayin na nagpalit mula sa gabi patungo sa malawakang pagtatanim ng palay sa ika-17 siglo AD. Matututunan ng mga mag-aaral na gumamit ng empirical patterning sa mga talang arkeolohikal upang pagtibayin ang mga palagay tungkol sa sinaunang pag-uugali.

Gawaing Arkeolohikal

Layunin ng gawaing ito na ipakita sa mag-aaral kung paano binibigyan ng konteksto at kahulugan ng mga arkeologo ang isang lugar, at kung paano nila ibinabatay ang kanilang kaalaman mula sa mga empirikal na katibayan. Epektibo ang gawaing ito kung gagamitin ang stratigraphic chart kasabay ng talakayan sa klase. Binibigyan nito ng larawan kapwa ang talakayan sa klase at gawain sa silid-aralan, at inaasahan ang mag-aaral na sagutan ang worksheet matapos lumahok sa gawain.

VI. Pagpapahalaga

Sa pamamagitan ng arkeolohiya, matututunan natin na iba't iba ang pinanggagalingan ng pagkain ng mga sinaunang Ifugao. Ipinapakita ng pagiging masinop ng mga Ifugao na hindi lamang sila umaasa sa pagtatanim ng palay, kundi pati na rin sa pangangaso, pangingisda at pag-aalaga ng hayop. Nangaso sila mga ligaw na hayop bilang pangunahing pinanggagalingan ng karne at nag-alaga sila ng mga hayop para sa espesyal na okasyon at mga pangseremonyang ritwal. Nagtanim at kumain sila ng gabi bago sila nagtanim ng palay.

Ang ganitong uri ng kabuhayan o paraan ng pamumuhay upang mabigyang sustansya ang pamayanan ay nagpapakita ng mahigpit na ugnayan ng mga sinaunang Ifugao sa kanilang kapaligiran, kung saan kapwa nakikinabang sila sa isa't isa. Mayroong arkeolohikal na katibayan na gumagamit ng mga alagang hayop ang sinaunang Ifugao tuwing seremonyang ritwal at simbolo ito ng karangyaan o katayuan sa buhay para sa sinaunang pamayanang Ifugao.

VII. Pangwakas na Gawain

Maaaring gawin ang bahaging ito bilang gawain sa silid-aralan o takda sa bahay ayon sa natitirang oras sa klase.

Panuto: Gamit ang kaalamang natutunan ngayon, gumawa ng poster na naglalarawan sa pamagat na “Sinaunang Buhay ng mg Ifugao.” Parehong grupo pa rin ang kabibilangan ng mga mag-aaral at ipapakita nila ang kanilang poster sa klase. Maaaring ikabit ang mga poster sa silid-aralan.

Takeaway: Sa pamamagitan ng paggawa ng poster, mababalikan ng mga mag-aaral ang araling bago nilang natutunan. Sa pagguhit sa kapaligiran ng Ifugao na may bigas, gabi, baboy damo at alagang hayop, atpb, matatandan ng mga mag-aaral ang bahay ng kasaysayan ng kalinangang Ifugao at ang nakaraang kapaligiran.

VIII. Lagumang pagsubok

Tamang sagot:

I. Matching type

- a. A
- b. C
- c. D
- d. E
- e. B

II. Multiple choice

5. D
6. A
7. D
8. B
9. C

Tingnan ang lagumang pagsubok sa pahina 9.

Sample Worksheet

MODULE 2 WORKSHEET

PAG-UNAWA SA STRATIGRAPHY NG LUPA SA ARKEOLOHIYA

Pag-aaralan natin kung paano inuunawa at bibigyang kahulugan ng mga arkeologo ang arkeolohikal na site.



Panuto:

Makinig sa talakayan. Magsulat ng mga tala at sundan ang talakayan upang masagot ang worksheet. Kailangan sumangguni ang bawat pangkat sa stratigraphic chart ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan (SNK) at makipagtulungan upang masagot ang mga tanong. Malaya ang mga mag-aaral na guhitan ang chart at pag-usapan ang kanilang mga sagot.

Questions:

1. Ayon sa stratigraphy ng SNK, alin ang pinakamatandang hanay?
Layer/Hanay VII
2. Alin ang pinakabatang hanay?
Pinakabata – unang hanay (topsoil o pinakataas na hanay)
3. Sa pagsusuri ng mga buto ng hayop sa SNK, anong uri ng hayop ang kinain ng mga sinaunang Ifugao?
Baboy-ramo, alagang baboy, usa, manot, kalabaw
4. Bukod sa pagkain, ano pa ang ibang gamit o paraan ng kanilang mga napangasong hayop?
Alahas, palamuti sa bahay, piging o kapistahan
5. Ilang taong nakalipas nang nag-umpisang matagpuan ang katbayan ng palay sa SNK stratigraphy?
150-310 taong nakalipas
6. Suriin ang stratigraphy ng Sinaunang Kiyangan. Anong uri ng tanim o halaman ang kinakain ng mga sinaunang Ifugao sa pinakamatandang hanay (Ikalima at ikaanim na hanay)?
Gabi. Ikinabuhay nila ang gabi bago nagkaroon ng palay sa pook na iyon.
7. Ano ang pinakapipitaganang tanim o halaman sa kulturang Ifugao?
Palay/bigas
8. Ano ang matatagpuan sa pinakataas na hanay ng lupa?
Kasalukuyang mga materyal – balot ng kendi, basag na mga plato, plastik, mga bote
9. Ano sa palagay mo ang kahulugan ng mga buto ng aso sa palayok?
Dahil natagpuan ang aso sa loob ng palayok, maaaring nangangahulugan ito ng ritwal ng paglilibing.

Lagumang pagsubok

I. Matching type: Isulat ang titik ng wastong sagot

- | | |
|---------------------------------|--|
| _____ 1. Stratigraphy | a. Ang pag-aaral ng mga hanay ng lupa upang matiyak ang kaugnay na gulang ng bawat hanay |
| _____ 2. Batas ng superposition | b. Pinakataas na hanay ng lupa, kadalasan ang modernong hanay sa stratigraphy ng arkelohiya; ang lupang kasalukuyang inaapakan ng mga tao. |
| _____ 3. Diet | c. Ang kaayusan ng paghahanay-hanay ng lupa ayon sa panahon, ang pagiging mas matanda ng mga ikalalimang hanay sa kaitaasang hanay |
| _____ 4. Arkeolohiya | d. Mga uri ng pagkaing kadalasang kinakain ng isang tao o pamayanan |
| _____ 5. Topsoil | e. Ang pag-aaral ng nakaraan sa pamamagitan ng mga materyal na labi ng gawain ng tao |

II. Multiple choice: Bilugan ang titik ng tamang sagot

1. Ano ang mga uri ng pamumuhay ng mga sinaunang Ifugao?
 - a. Pag-aani ng palay
 - b. Pag-aalaga ng mga baboy at manok
 - c. Pangangaso
 - d. A, B, at C
2. Anong uri ng mga hayop ang madalas na kinakain ng mga sinaunang Ifugao?
 - a. Baboy ramo
 - b. Alagang baboy
 - c. Manok
 - d. Isda
1. Bukod sa pagkain, ano pa ang ibang gamit ng mga hayop noong unang panahon?
 - a. Pagsasaka
 - b. Pangangaso
 - c. Mga buto ng hayop ay ginagawang alahas
 - d. A, B, at c
2. Ano ang pinakaunang ani o pananim ang natagpuan ng mga arkeologo sa Sinaunang Nayong ng Kiyangan?

- a. Palay
 - b. Gabi
 - c. Tubo
 - d. Mais
3. Paano nalaman ng mga arkeologo ang mga uri ng pananim na kinakain ng mga sinaunang Ifugao?
- a. Pinagmamasdan nila ang mga gulay at ibang pananim sa tindahan
 - b. Hinuhulaan nila
 - c. Sinusuri nila ang mga charcoal residue o labi ng uling mula sa basag na palayok
 - d. Sinusuri nila ang buto ng tao
- II. Gumuhit ng iba't ibang uri ng pagkain ng mga sinaunang Ifugao. Ano ang pinagkaiba ng mga pagkain nila sa pagkain natin ngayon?**




Figure 1. Pig bones from Old Kiyangan Village (Photo: Ledesma et al. 2015)




Figure 2. Deer bones from Old Kiyangan Village (Photo: Ledesma et al. 2015)

EVIDENCE OF FOOD PROCESSING: CHOP MARKS ON ANIMAL BONES




Figure 3. Animal bones indicating chop marks and cut marks (Photo: Ledesma et al. 2015)




Figure 4. Modified animal bones. Deer antler for house decoration, a hollowed out water buffalo bone, polished pig tusk (Ledesma et al. 2015)



ANALYZING PLANT REMAINS

Figure 5. Archaeologist analyzing plant remains from Old Kiyangan Village (IAP 2012 community presentation, “Plant in Kiyangan” by Ceron M. and Moore J.)




Figure 6. Soil stratigraphy of Old Kiyangan Village



CONSTRUCTION OF IFUGAO BALE

Figure 7. Construction of an Ifugao bale using local resources



IFUGAO RITUAL



Figure 8. Ifugao ritual ceremony



OLD KIYYANGAN SOIL STRATIGRAPHY




Figure 9. Soil stratigraphy of Old Kiyangan Village. Just like a layered cake, the bottom layer (chocolate) is the oldest layer. The layer become more recent as the layer gets closer to ground surface (indicated by the vanilla layer in the cake photo) (Stratigraphy photo: Eusebio et al. 2015).